# 1

Sabay-sabay na napatingin ang mga kababaihang nasa gilid ng malaking swimming pool ng *Polaris* sa isang lalaking umahon mula roon. Kumibot ang pang-itaas na labi ng isang sexy na babaeng nakadapa sa beach towel, nagbaba naman ng sunglasses ang isang nasa lounge chair. Ang ibang mga babaeng naglalakad ay napahinto at pinagsawa ang mga mata sa magandang tanawin.

The man who pulled himself out of the pool was a total eye candy. Matangkad ito, lampas six feet, lightly tanned ang kulay ng balat, at napakaganda ng built ng katawan. In fact, papasa itong model ng *Calvin Klein* underwear. Oh, the girls could just imagine his gorgeous hot body clad only in skimpy briefs in those huge billboards in EDSA. Hinding-hindi nila pagsasawaang titigan ang mga iyon kung nagkataon.

Tumayo nang derecho ang lalaki pagkasampa sa gilid ng pool at nagtanggal ng goggles. Hinawi nito ang basang buhok palikod, at sa galaw nitong iyon ay mas lalo lamang nabigyan ng emphasis ang matitigas nitong muscles sa mga braso at ang malapad na dibdib. At napaka-sexy din ng dating ng kilos nitong iyon para sa mga kababaihang nagpipiyesta ng tingin dito. Nanghihinayang pa ang iba sa mga iyon dahil blue board shorts ang suot ng lalaki. They wished he should have worn a skimpy trunks in red color! That would surely accentuate his long shapely

and slightly muscled legs. And his firm round sexy butt. Oh, yes, it would have given them a more scrumptious body to stare at. But nevertheless, he still looked so damn hot.

At katawan pa lamang iyon. Not to mention that this hottie posessed a very handsome face. Charming ang mukha nito, boyish ang aura pero animo nagtatago ng authority at dominance. His lips were semi-full and supple, mapapaisip ang sino mang babaeng tumingin sa mga iyon kung paano ba iyon humalik, or hell, kung ano ang lasa ng mga iyon. His jaw was strong but delicately lined, aristocratic ang tangos ng ilong nito. Katamtaman ang lago ng mga kilay nito at malalago din ang eyelashes. His eyes were dark brown, sultry and enticing. Tipong nanunuot at nakakatunaw kung tumingin.

So, needless to say, sino ba namang babae ang hindi maaakit kay Algren Maximiano? Ang twenty-five years old na owner ng *Il Denaro*, isang malaki at sikat na casino sa Metro Manila. Devastatingly good-looking and rich. He was one of the city's most eligible bachelors.

---

Hanggang sa paglalakad ni Algren patungo sa lounge chair kung saan niya iniwan ang kanyang puting tuwalya ay sinusundan pa rin siya ng tingin ng mga kababaihan. Ramdam na ramdam niya ang mga maiinit na titig ng mga ito sa kanya. Their eyes were feasting, or rather, lusting over him.

Hindi niya maiwasang mapailing at mapangiti sa sarili. *Ang nagagawa nga naman ng magandang pisikal na anyo.*

Dahil sa kanyang guwapong mukha at magandang katawan ay hindi siya nahihirapang makahanap ng ka-date. In fact, hindi siya naghahanap. Mga babae ang pumipila sa kanya upang kahit minsan lamang ay maranasan ng mga ito na makasama siya. Kahit minsan lang ay maranasan ng mga ito kung paano siya magpaligaya sa kama.

At sino ba siya para tumanggi? Lalo pa't mga naggagandahang mga babae ang nagkakandarapa sa kanya? Nabiyayaan siya ng magandang katawan, puwes, hindi niya ipagdadamot iyon. It would be awesome to sleep with each and every woman who would ask him, pero hindi siya ganoon kahayok sa tawag ng laman. May sinusunod pa rin siyang rules pagdating sa pagpili ng mga babaeng idi-date—okay, ikakama. Maarte na kung maarte pero hindi siya addict sa sex na kahit posteng pinaldahan ay papatusin niya. Hindi rin siya basta-basta natu-turn-on sa isang babae. Hindi kailangang magandang-maganda at sexy, kailangan lang ay nag-uumapaw sa sex appeal. Iyong kaya siyang painitin, iyong kayang makipagsabayan sa kanya sa kama.

At hindi puwede ang attachments sa kanya, kaya siyempre iwas siya din sa mga clingers. Major no-no din sa kanya ang virgins. Hell, no! Baka mamaya, may mga tatay pang maghabol sa kanya ng shotgun. At mas lalong hindi siya papatos ng mga damsels in distress. Baka maawa pa siya sa mga ito kung sakaling

ayaw nang humiwalay sa kanya.

Kung mayroong kahinaan sa kanyang pagkatao, iyon ay ang pagkakaroon ng malambot na puso. Madali siyang maawa, makonsyensya. Kaya para walang hassle, umiiwas na lamang siya sa mga babaeng maaaring bumiktima sa kanya. And so far, nagtatagumpay naman siya. He was only having sex with adult women, liberated and wild. Absolutely no strings attached.

At kahit gustuhin man niyang gawing full-time ang pakikipaglampungan sa mga kalahi ni Eba ay hindi rin pupuwede. May pag-aari siyang malaking casino na dapat niyang asikasuhin. Kung mapapabayaan niya iyon at malugi, eh, di mawawalan siya ng pera. Maghihirap siya. Baka mabawasan pa ang pogi points niya. Mababaw siguro kung iisipin pero sa palagay niya, parte ng kanyang charm sa mga babae ay ang kaalaman ng mga ito na mapera siya.

Nagpunas siya ng basang katawan, fully aware pa rin sa mga matang nakapagkit sa kanyang kabuuan. Alam niya, hindi siya aalis ng sports club na ito nang nag-iisa. May isang maganda at sexy na babaeng aangkas sa kanyang *Ducati 1198*.

Mayamaya pa ay kasalo niya sa lunch ang may-ari ng sports club na iyon, si Linus Aguila, maternal cousin niya. Kapatid ng ina nito ang kanyang namayapa nang ina. Bata si Linus ng halos two years sa kanya ngunit mas seryoso yata ito sa paghawak ng negosyo. Hindi rin masyadong active ang social life nito at walang girlfriend. Hindi sila madalas magkita at mag-bonding

since lagi itong busy sa sports club. Masyado itong hands-on sa pagma-manage doon, ayaw yatang i-disappoint ang paternal grandfather nitong siyang nagpamana rito ng *Polaris*.

"Who's the lucky girl this time, man?" tudyo ni Linus sa kanya sa gitna ng pagkain habang nasa restaurant sila ng *Polaris*.

Nag-angat siya ng ulo mula sa kinakain. "Excuse me?"

"Kunwari ka pa! Alam ko namang hindi 'yang swimming pool ang dinayo mo dito dahil may malaki ka namang pool sa bahay n'yo. You're here to look for a date."

Tumawa siya. "First, ang Olympic-size swimming pool talaga ang dinayo ko dito. Second, I'm not looking for a date," pagtatama niya.

"Oo nga pala, *ikaw* ang idini-date ng mga babae," tumatawang sang-ayon nito sa pangalawang sentence na binitiwan niya.

"Huwag mo ngang pakialaman ang social life ko. At least I have one. Eh, ikaw? Andaming magagandang babae dito na nagpapapansin sa iyo pero hindi ka naman yata nakikipag-date."

"Nakikipag-date ako, hindi lang gaya mong three times a day. Saka, ayokong masyadong ma-involve sa mga babae. Panira lang sa routine ko ang mga 'yan. Ayoko ng napapakialaman ang buhay ko."

"Control freak!" tukso niya. "Tatanda kang binata niyan."

"Kung ang Uncle Rick mo nga ay mag-aasawa na sa edad na fifty, ako pa kaya?" positibong balik nito.

"Wow, man, ang taas ng fighting spirit mo!" sarkastikong biro niya.

Hindi niya kayang isipin kung anong klaseng babae

ang makaka-handle kay Linus. Arogante ito, matigas ang ulo at may pagkadominante. Kung namana man niya ang pagkakaroon ng soft heart from his Maxiamiano side, masasabi niyang mayroon din siyang arrogance at tigas ng ulo na namana mula sa pamilya ng kanyang ina, recessive nga lang siguro.

"Baka unahan pa kita," lakas-loob namang banat nito.

"Saan, sa pagpapakasal sa laptop mo? Malamang!"

At the back of his mind, napapaisip din siya kung kailan nga siya mag-aasawa. Hindi kaya tumulad siya sa kanyang paternal uncle na si Rick na naisipan lang mag-asawa sa edad sa cincuenta? Imagine, inabot ng ganoon katagal bago ito nagsawa sa buhay-binata!

"Labas nga tayo mamaya. May nakita akong babae sa may pool na bagay sa iyo," pagkuwan ay aya niya sa pinsan.

"May naka-schedule akong meeting this afternoon, baka abutin kami ng gabi. Next time na lang," pagtanggi nito.

Napailing na lamang siya. Alam niyang ang 'next

time' na sinabi nito ay maaaring abutin na ng next year. Hindi na niya alam kung kailan iyong huling beses niya itong nayayang lumabas; hindi kasi sila laging nagkikita nito. Ewan niya kung hahanga ba siya sa pinsan o gusto niya itong batukan. Linus was only twenty-three years old for crying out loud! Dapat ay nag-i-enjoy ito nang husto sa buhay pero heto't may balak yatang ikasal sa negosyo nito.

Ayaw niyang tumulad dito. Oo nga't may negosyo din siyang dapat asikasuhin, pero hindi niya hahayaang maging sanhi iyon ng pagiging ermitanyo niya. The world was too beautiful for him to miss it.

---

Hanggang ngayon ay hindi pa rin makapaniwala si Algren na naisipang magpakasal ng kanyang Uncle Rick. May nakilala itong Filipino-American na nasa late thirties na, si Nelle. Nagtagal din ng dalawang taon ang relasyon ng mga ito bago nagpasyang magpakasal. Approved na ang *K1 Visa* ni Rick at next week ay lilipad na ito patungong California.

"Sawa ka na sa buhay-binata?" pabirong tanong niya rito habang nasa library sila ng ancestral home ng mga Maximiano sa isang village sa Quezon City.

Matagal nang ulila si Algren sa mga magulang. Namatay ang mga ito sa vehicular accident noong sampung taong gulang pa lamang siya. Wala na rin siyang nagisnang mga lolo't lola.

Lumaki siya sa piling ng Uncle Rick niya, isang old bachelor na nag-iisang kapatid ng kanyang ama.

"Let me just say na nakahanap na ako ng katapat,"

sagot nito sa kanya. "True love."

"Karma 'ka mo."

"Napaka-cynic mo kahit kelan."

Tumawa siya. "Mana lang ako sa iyo."

Yup. Mana nga siya sa kanyang Uncle Rick. Mula sa pagiging carefree nito, adventurous at sa kalikutan nito

sa mga babae. They were wild and untamed. Men of the world.

"Mai-in love ka rin balang-araw, Algren," tudyo pa nito.

"Huwag ko lang sanang abutin ang edad mo," tudyo niya pabalik.

Tumawa ito. "In your case, hindi na ako magtataka kung nirarayuma ka na sa katandaan bago magpakasal. Mas malikot ka sa babae kaysa sa akin, malabong magsasawa ka sa mga escapades mo nang basta-basta!"

"What can I do, Uncle? I was cursed with pretty face and irresistable body." Ang lakas ng tawa niya. Hindi niya yata kayang ma-imagine na may tungkod na siya't lahat-lahat ay nakikipag-

one-night stand pa rin siya.

"And tons of money." Nag-inat ito. "Algren, remember, malaking pera ang puwedeng mawala kung hindi mo hahawakan nang mabuti ang negosyo natin."

"Uncle, sabi ko naman sa iyo, you can trust me on this. I learned a lot from you already."

"All right, I trust you. Ikaw na ang bahala sa lahat ng nandito," bilin nito sa kanya.

Last week pa ito nagre-remind sa kanya ng dapat gagawin habang nasa U.S. ito. Parang wala yatang balak bumalik sa Pilipinas agad. May negosyong car dealership doon si Nelle at gusto nitong tulungan ang babae upang mapalago iyon. That, and of course, magtataguyod din ng isang pamilya. Hindi pa naman huli ang lahat para magkaanak ang mga ito.

"Don't worry, hinding-hindi ko pababayaan ang *Il Denaro*. Saka tutulungan mo pa rin naman ako from your end, hindi ba?"

Ang *Il Denaro* ay isang casino na itinayo pa noon ng kanyang lolo. Sa magkatulong na pamamahala ng kanyang ama at tiyo ay napalago ng mga ito ang negosyo. Business was doing good so far at desidido siyang i-maintain ang magandang lagay ng casino. It was actually a big challenge on his part now that his uncle was leaving the country.

"Itong bahay din, huwag mong pabayaan, pati na ang

resthouse natin sa Rosario." Bigla ay may naalala ito. "Hindi ko na pala masisingil si Gustavo doon."

"Gustavo?" kunot-noong tanong niya.

"Isang kakilala ko sa Rosario. Isa siyang compulsive gambler at minsan ay dumayo sa *Il Denaro* upang magsugal. Nang matalo't maubos ang dalang pera ay nagkautang siya sa akin ng mahigit one hundred thousand pesos. Ilang buwan ko na siyang sinisingil ay hindi pa rin nagbabayad."

Napailing siya. "Hindi dapat pinapalampas ang mga taong ganyan upang hindi mamihasa."

"Iyan din ang naisip ko pero..."

"Naawa ka?" He laughed. Weakness talaga ng mga Maximiano iyon, ang pagiging madaling maawa.

"Oh, well, subukan mo na lang siyang singilin pag napunta ka sa Rosario. Pera pa rin iyon."

Napangiwi siya. Rosario was like six hours away from Metro Manila. Isang bayan iyon sa gilid ng dagat. Napaka-boring doon. Sa pagkakatanda niya, dalawang beses pa lang yata siyang napupunta doon. Hindi siya sanay sa bagal ng buhay sa probinsya. He grew up in the big city. Sanay siya sa maiingay na sasakyan, sa makukulay na mga gabi at mga maiinit na babae. Sanay siya sa mabilis na lifestyle.

"Sure, pag napunta ako doon." *After forty-eight years siguro.*

Mayamaya pa ay nagpaalam na siya sa tiyo. May date pa siya ngayong gabi na dapat unahin bago niya puntahan ang *Il Denaro*. Kanina pa text nang text sa kanya si Ella.

Okay, it was not really a date dahil hindi naman sila lumabas para kumain o mamasyal ni Ella. Sa condo unit nito siya tumuloy. At sa pintuan pa lamang ng tirahan nito ay sinalubong na siya ng babae ng mainit na halik—na nauwi sa yapusan at haplusan.

They didn't bother to fully undress themselves. They had quick steamy sex against the wall. He rammed into her so viciously yet sensually that sent the woman screaming so loud and almost hysterical in her orgasm.

Alam niya, mahabang paalamanan na naman ito dahil hindi siya basta-basta pinapakawalan ng mga babaeng nakaka-one-night stand niya. He couldn't blame them; magaling siya sa kama, isang eksperto sa pakikipagtalik. He knew exactly the right button to push. And he was not a selfish lover either, sinisigurado niyang hindi lamang siya ang nasisiyahan sa pakikipagniig. Walang kahulilip na kaligayahan ang kaya niyang ibigay sa bawat babaeng kapareha niya sa kama, or in tonight's case, sa dingding.

"Oh, you're so amazing, Algren! I want you more, Babe," daing ni Ella nang tila mahimasmasan ito mula sa ipinadama niyang init. Nakakawit pa rin ang isang binti nito sa baywang niya, tila ayaw siyang pakawalan. "Give me more!"

Napailing siya't napangiti. *Sinasabi na nga ba!*

Hindi inakala ni Algren na ganoon pala kahirap i-manage ang *Il Denaro* kung wala ang kanyang Uncle Rick. Both of the CEO and COO were almost useless. Noon lamang niya natuklasang nakasandal lamang ang mga iyon sa kanyang tiyo, palaging nagtatanong at naghihintay ng mga utos.

Isang buwan pa lamang na wala sa bansa si Rick ay heto na siya't pakiramdam niya ay tutubuan na siya ng uban dahil sa matinding stress. And, shit, one month na rin pala siyang walang social life. And, oh, sex! He couldn't believe it, one month na pala siyang diyeta sa mga babae. One month!

Nag-inat siya habang nakaupo sa swivel chair sa kanyang opisina. Well, at least, stable na ang lagay ng lahat ngayon sa casino. He did a good job, well, okay, kinailangan niya ang advice ng tiyuhin sa telepono pero masasabi niya pa ring malaki ang papel niya sa pag-ayos ng mga gusot sa kanilang negosyo.

And now that the stressful time was over, oras na para magsaya. Nag-scroll siya sa mga contacts niyang babae sa kanyang cellphone. Sa mga naghihintay ng kanyang tawag at atensyon. Ngunit kanda-kalyo na ang mga daliri niya sa pagpindot ay wala pa rin siyang mapili sa mga iyon para ilabas mamayang gabi. Tinatamad naman siyang mag-barhopping para roon na lang sana makakilala ng mga bagong babae.

Umuwi na lamang siya ng bahay matapos mag-dinner mag-

isa sa isang Chinese restaurant. Katatapos lamang niyang mag-shower nang tumawag sa kanya si Linus.

*Himala!*

“What’s up, Man? May babaeng pumikot sa iyo at kailangan mo ang tulong ko para takasan siya?” bungad niya rito.

“Corny ng birada mo! Saka ako, mapipikot? No way!” Tumawa ito. “Yayayain sana kitang lumabas ngayong gabi. May bagong bukas na bar sa Makati, balita ko, maganda raw doon.”

“Mali pala si Nora Aunor. Meron palang totoong himala! O, ano’ng nakain mo’t ikaw ang nagyayaya sa akin ngayon?”

“Man, ang corny ng sense of humor mo! Ano, sasama ka ba?”

“Linus, pasensya na, pero ako naman ang tatanggi sa iyo ngayon,” matapat niyang sabi.

“May himala nga!”

Duweto silang naghalakhakan.

“Next time na lang,” sabi pa niya.

“Gasgas ko nang linya iyan sa iyo, wala ka namang originality!”

“Tinatamad lang talaga ako.”

“Ano ’yan, mood swing?” tumatawang tukso nito.

"Screw you, Man!"

Maaga siyang natulog nang gabing iyon, kusa siyang inantok. He slept soundly through the night. Maaga rin siyang nagising. Nang makapag-almusal ay naligo siya at nagbihis, walang alam na pupuntahan. Basta sumakay na lamang siya sa kanyang *Mustang GT* at nagmaneho nang nagmaneho.

Ilang saglit din bago niya namalayang papaubos na ang gasolina ng kanyang kotse, matagal na rin pala siya sa kalsada at nasa labas na ng Maynila.

Nang maggasolina ay napatingin siya sa direksyong pinatutunguhan ng kalsada. Pa-Norte iyon. Naisipan niyang ipagpatuloy ang pagmamaneho papunta ng bayan ng Rosario, sa kanilang resthouse doon. Well, kung mapagtitiyagaan niyang magmaneho nang ganoon katagal, gayong ayaw na ayaw niya ng mahahabang biyahe. Pero wala siyang gaanong gagawin ngayon sa *Il Denaro*. Bibilinan na lamang niya ang CEO doon sakaling makarating nga siya sa Rosario at magpasyang mag-stay doon ng ilang araw.

Saka niya naalalang wala pala siyang baong mga damit at toiletries. Oh, well, puwede naman siyang bumili.

Napangiti siya saka ini-start muli ang kotse. He felt wild and free just hitting the road like this. Alone, walang hassle.

Isang oras na lang ang nalalabi bago niya marating ang destinasyon nang may maalala siya. Tinawagan niya ang kanyang

Uncle Rick.

"Hello, Uncle? Sorry to bother you like this, but, I'm on my way to Rosario right now. Saan nakatira doon si Gustavo?"